JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Masunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 2



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Quarter 3 - Modyul 1:
## Karapatan Mo,Karapatan Ko



Name of Learner: ______________________________

Grade & Section: ______________________________

Name of School: ______________________________



## Alamin

Sa modyul na ito, ating matututunan ang kahalagahan ng karapatang dapat nating tamasin at matutukoy kung anong mga karapatan ang maaaring ibigay sa atin.

Layunin ng modyul na ito ang gabayan kayo sa pagkamit ng kasanayang ito:

1. Nakapagpapakita ng paraan ng pagpapasalamat sa anumang karapatang tinatamasa;

   Halimbawa: pag-aaral nang mabuti at pagtitipid sa anumang kagamitan

   **EsPPP-III-a-b-6**



## Subukin

**Panuto:** Pagtambalin ang mga karapatan ng bata sa mga larawang nasa kanan.

**HANAY A** | **HANAY B**

1. Karapatan ng bata na makapag-aral.

2. Karapatang manirahan sa isang payapa at tahimik na pamayanan.

3. Karapatang magkaroon ng tahanan at pamilyang mag- aaruga.

4. Karapatang makapaglibang.

5. Karapatang magkaroon ng proteksiyon laban sa pang- aabuso.



MODYUL 1

# KARAPATAN MO, KARAPATAN KO



## BALIKAN

Napag- aralan mo sa nakaraang aralin na dapat tayong magpapakita ng pagmamalasakit sa mga kasapi ng paaralan at pamayanan sa lahat ng pagkakataon.

**Panuto:** Isipin mo na ikaw ang may-ari ng mga gamit na nasa larawan.Kulayan mo kung alin sa mga ito ang iyong ibibigay bilang donasyon sa biktima ng kalamidad?

A


B


C


D


E




## TUKLASIN

Basahin o awitin ang awit nasa ibaba.

**Bawat Bata**

(Apo Hiking Society)

Ang bawa't bata sa ating mundo
Ay may pangalan, may karapatan
Tumatanda ngunit bata pa rin
Ang bawa't tao sa ating mundo
Hayaan mong maglaro ang bata sa araw
Kapag umuulan nama'y magtatampisaw
Mahirap man o may kaya
Maputi, kayumanggi
At kahit ano mang uri ka pa
Sa 'yo ang mundo pag bata ka



Ang bawat nilikha sa mundo'y
Minamahal ng Panginoon
Ang bawat bata'y may pangalan
May karapatan sa ating mundo
Hayaan mong bigyan na lang ng pagmamahal
Katulad ng sinadya ng maykapal
Mahirap man o may kaya
Maputi, kayumanggi
At kahit ano mang uri ka pa
Sa 'yo ang mundo pag bata ka

Sagutin ang mga tanong:

Nagustuhan mo ba ang awit?

Anu-ano ang karapatan ng bata ayon sa awit?

Anu-ano ang dapat matanggap at maranasan ng mga bata?

Sino ang magbibigay sa mga bata ng kanilang karapatan? Bakit?



## Suriin

Sa bahaging ito, mas mapapalalim ang iyong pang-uunawa sa mga karapatang tamasahin sa bawat bata. Basahin ang kuwento.

### Karapatan ni Moy
ni M.C.M. Caraan



Siya si Moy. Nasa Ikalawang Baitang na sana siya ngayon. Kaya lang hindi siya pinapapasok ng kanyang mga magulang sa paaralan dahil wala raw silang pera na isusuporta sa mga kailangan ni Moy sa paaralan.



Araw-araw ay makikita si Moy sa kalye. May dala siyang kariton at pumupunta sa bahay-bahay upang humingi ng bote, plastik at papel.

Napadaan siya minsan sa isang lugar na may mga bata na masayang naglalaro. Gustong-gustong makipaglaro ni Moy kaya lang naisip niya na kailangang marami siyang makuhang bote, plastik at papel. Wala silang kakainin kapag hindi niya naipagbili ang mga ito.



Kapag napagod siya, sumasampa na lang siya sa kariton at doon natutulog. Minsan inaabot na siya doon ng gabi hanggang umaga dahil sa sobrang pagod.



1. Ano ang masasabi mo kay Moy.
2. Anu-anong karapatan ang dapat tamasahin ng batang katulad ni Moy?
3. Anu-anong karapatan ang hindi tinatamasa ni Moy ayon sa kuwentong iyong binasa?



## Pagyamanin

**Panuto:** Alin sa sumusunod na mga larawan ang nagpapakita na ang isang bata ay nagtatamasa ng kanyang karapatan. Bilugan ang letra ng tamang sagot.





# Isaisip

## Ating Tandaan

Karapatan Nating:

A. Maisilang at magkaroon ng pangalan
B. Maging malaya at magkaroon ng pamilyang mag-aaruga
C. Mabigyan ng sapat na edukasyon
D. Mapaunlad ang kasanayan
E. Magkaroon ng sapat na pagkain at tirahan at malusog at aktibong katawan
F. Matutuhan ang mabuting asal at kaugalian Mabigyan ng pagkakataon na makapaglaro at makapaglibang
G. Mabigyan ng proteksiyon laban sa pagsamantala, panganib at karahasang bunga ng mga paglalaban
H. Manirahan sa isang payapa at tahimik na pamayanan
I. Makapagpahayag ng sariling pananaw



# Isagawa

**Panuto:** Iguhit sa kahon ang **thumbs up** ( kung ang mga pahayag ay dapat tamasahin ng bata at **thumbs down** ( ) kung hindi dapat tamasahin ng bata.

☐ 1. Ang bata ay dapat may pangalan .

☐ 2. Ang bata ay naglalaro sa parke.

☐ 3.Nag- aaral si Josh sa ikalawang baitang.

☐ 4.Ang bata ay binu-bully sa paaralan.

☐ 5.Nakatira ang bata sa pamilyang masayahin.



## TAYAHIN

Panuto: Pagtambalin ang mga karapatan ng bata sa mga larawang nasa kanan. Isulat ang letra ng tamang sagot sa kuwaderno.




1. 1.Karapatang magkaroon ng pangalan.
2. 2.Karapatang manirahan sa isang payapang pook o lugar .
3. 
4. 3.Karapatang makapag-aral.
5. 4.Karapatang makapaglibang.
6. 5.Karapatang mapaunlad ang kasanayan.



## Karagdagang Gawain

Anong mga karapatan ang iyong tinatamasa sa buhay ngayon? Isulat ito sa loob ng puso.





# SUSI SA PAGWAWASTO

**Subukin**

1. C
2. B
3. A
4. D
5. E

**Isagawa**

1. 
2. 
3. 
4. 
5. 

**Tayahin**

1. B
2. A
3. E
4. G
5. H

**Pagyamanin**

1. A
2. B
3. E
4. G
5. H

**Balikan**

1. *Maaring iba-iba ang sagot* ng mga mag-aaral.

## Sanggunian


- **Victoria Guia-Biglete, Maria Carla Mabulay- Caraan, Rolan Baldonado Catapay, Isabel Monterozo- Gonzales, Edukasyon sa Pagpapakatao 2- Ikalawang Baitang ( Inilimbag sa Pilipino: Kagawaran ng Edukasyon, 2013), p. 2-11**
- **Edukasyon sa Pagpapakatao 2 TG, pp. 48**



BUMUO SA PAGSUSULAT NG MODYUL

Manunulat: Lelanie D. Palor
Teacher I- Bulawan Elementary School
District 12 Pagadian City Schools Division

Tagasuri: Riza L. Buca
Teacher - III, San Pedro Central School
District 1 Pagadian City Schools Division

Tagapamahala:

Danny B. Cordova, EdD, CESO VI, OIC-SDS
Ma. Colleen L. Emoricha, EdD, CESE, OIC-ASDS
Maria Diosa Z. Peralta, EdD, CID Chief
Ma. Madelene P. Mituda, EdD, LR Supervisor
Jovita S. Dugenia, EdD. EPS Module Coordinator

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see A
poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear A
nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.